# Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, bumati siya sa Propeta at magsabi siya ng: Allāhumma -ftaḥ lī abwāba raḥmatik (O Allāh, magbukas Ka para sa akin ng mga pinto ng awa Mo)

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, bumati siya sa Propeta at magsabi siya ng: Allāhumma -ftaḥ lī abwāba raḥmatik (O Allāh, magbukas Ka para sa akin ng mga pinto ng awa Mo). Kapag lumabas siya, bumati siya sa Propeta at magsabi siya ng: Allāhumma -`ṣimnī mina -shshatyān -rrajīm (O Allāh, magsanggalang Ka sa akin laban sa demonyong kasumpa-sumpa). Kapag lumabas siya, bumati siya sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) at magsabi siya ng: Allāhumma -ajirnī mina -shshayṭān -rrajīm (O Allāh, magkalinga Ka sa akin laban sa demonyong kasumpa-sumpa)."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Ibnu Mājah at Al-Hakim]

Gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Muslim na kapag nagnais ito na pumasok sa masjid ay bumati siya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Allāhumma ṣalli `alā Muḥammad. (O Allāh, basbasan Mo si Muḥammad.)" pagkatapos magsabi siya ng: "Allāhumma -ftaḥ lī abwāba raḥmatik (O Allāh, magbukas Ka para sa akin ng mga pintuan ng awa Mo)." Kapag naman lumabas siya, bumati rin siya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at magsabi siya ng: "Allāhumma -`ṣimnī mina shshayṭāni -rrajīm. (O Allāh, magsanggalang Ka sa akin laban sa demonyong kasumpa-sumpa.)" Sa isang salaysay naman ni Al-Ḥākim: "... at magsabi siya ng: 'Allāhumma -`ṣimnī mina shshayṭāni -rrajīm. (O Allāh, magkalinga Ka sa akin laban sa demonyong kasumpa-sumpa.)'"



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee